OPISINA NI MARK CHURCH

**PUNONG OPISYAL NG HALALAN AT TAGATASA-KLERK-TAGATALA NG COUNTY**

DIBISYON NG PAGPAPAREHISTRO AT MGA HALALAN

# Kung Wala Kang Tirahan, Magagawa Mo Pa Ring *Bumoto!*

## Marso 5, 2024 Pampanguluhang Primaryang Halalan

## Bumoto mula Pebrero 5 hanggang Marso 5

**Paano Magparehistro:**
Pumunta sa **RegisterToVote.ca.gov** o kumuha ng isang form ng pagpaparehistro ng botante mula sa alinmang aklatan, post office o city hall Kung nagparehistro ka bago lumampas ang Pebrero 20, ang isang balota ay ipapakoreo sa iyo. Mula Pebrero 21 hanggang Marso 5, pumunta sa isang Sentro ng Pagboto upang magparehistro at bumoto sa kaparehong araw.

Ang mga Sentro ng Pagboto sa Redwood City, San Mateo at South San Francisco ay bukas sa Pebrero 5. Ang mga karagdagang Sentro ng Pagboto ay magbubukas sa Pebrero 29. Bawat lungsod sa county ay magkakaroon ng isa o higit na Sentro ng Pagboto araw-araw mula Marso 2 hanggang Marso 5.

Ang ilang lugar na unincorporated ay magkakaroon din ng mga Sentro ng Pagboto. Ang Pescadero at La Honda ay magkakaroon ng mga Sentro ng Pagboto sa Marso 4 at 5.

**Ano ang iyong home address sa Pagpaparehistro ng Botante?**
Magagamit mo ang kalye kung saan ka natutulog sa karamihan ng mga gabi, pero isama ang pangalan ng cross street o kanto na pinakamalapit sa iyo.
*Mga Halimbawa:* Palmetto & Esplanade, Seaport & Chesapeake.

**Bakit kailangan ko ng isang "home" address?**
Ang iyong home address sa pagpaparehistro ng botante ay nagbibigay sa amin ng kakayahan na padalhan ka ng angkop na balota para sa iyong presinto ng pagboto.

**Mangyaring magbigay rin ng mailing address.** Ikaw ay padadalhan sa koreo ng isang balota at mga gabay sa pagboto kung nagparehistro ka bago lumampas ang Pebrero 20 at hanggang 29 na araw bago ang bawat halalan sa hinaharap.

Kung wala kang mailing address, itanong sa iyong mga kaibigan o pamilya kung ang iyong balota ay maaaring ipadala sa kanilang address. Maaari mo ring gamitin ang "General Delivery" sa Main Post Office sa alinmang lungsod. Ang mail ay pananatilihin hanggang 30 araw bago ito ibalik sa aming opisina.

**Makakaboto ka rin nang personal sa isang Sentro ng Pagboto.** Upang makahanap ng lokasyon, pumunta sa **smcvote.gov** o tumawag nang walang bayad sa **888.762.8683.**

**Bisitahin ang smcvote.gov o @smcvote**
**Tumawag o Mag-text sa: 650.312.5222**

OPISINA NI MARK CHURCH

# PUNONG OPISYAL NG HALALAN AT TAGATASA-KLERK-TAGATALA NG COUNTY

DIBISYON NG PAGPAPAREHISTRO AT MGA HALALAN

### Kakailanganin ko bang magpakita ng Driver's license para makaboto?

Hinihingi lamang ang ID sa mga botanteng hindi nagbigay ng numero ng driver's license/ state ID o ng huling apat na digit ng numero ng kanilang Social Security noong sila ay nagparehistro.

Kung bumoto ka sa pamamagitan ng koreo, tatanggap ka ng isang liham na nagsasabi sa iyo na ang numero ng iyong Driver's License/State ID o huling apat na digit ng iyong numero ng Social Security ay wala sa iyong aplikasyon para sa pagpaparehistro ng botante, at ang isa sa mga ito ay iniaatas ng batas.  Bibigyan ka ng isang card upang isulat ang Impormasyon at ng isang sobreng bayad na ang selyo upang ipadala ito sa Opisina ng mga Halalan.  Kung hindi mo ibinalik ang card, tatanggap ka ng isa pang liham na naglilista ng 28 tinatanggap ng mga ID.

### Mga Opsyon sa Identipikasyon para sa mga Botanteng boboto sa Unang Pagkakataon

Kabilang sa mga opsyon ang kasalukuyan at balidong identipikasyon na may litrato na ipinagkaloob ng isang ikatlong partido na makikita ang iyong pangalan at litrato.

## Partidong Politikal o Walang Kinakatigang Partido

- ✓ Kapag nagpaparehistro para makaboto, ikaw ay maaaring sumapi sa isang partidong politikal o pumili ng Walang Kinakatigang Partido (NPP).
- ✓ Ang NPP ay nakakaboto pa rin sa sinumang kandidato sa isang primaryang halalan, maliban sa mga kandidato para Presidente.
- ✓ Ang ilang partido ay nagpapahintulot sa NPP na bumoto sa kanilang Pampampanguluhang Primarya.  Kakailanganin mong ipagbigay-alam sa Dibisyon ng Pagpaparehistro at mga Halalan kung gusto mong tumanggap ng isang balota para sa isang partido na nagpapahintulot sa isang NPP na bumoto para sa mga kandidato para Presidente.
- ✓ Ang ilang partido ay mag-aatas sa iyo na magparehistro sa kanilang partido para makaboto para sa kanilang mga kandidato sa isang Pampanguluhang Primarya.  Kakailanganin mong muling magparehistro upang palitan ang iyong partido.

*Kontakin ang Dibisyon ng Pagpaparehistro at mga Halalan para sa tulong.*

**Bisitahin ang smcvote.gov o @smcvote**
**Tumawag o Mag-text sa:  650.312.5222**